# Yugto 1 ng Pinahusay na Market Street: Mga Pagpapahusay sa Mid-Market




**Tagsibol 2022:** Na-award ang Kontrata → **Taglagas 2022:** Konstruksyon, Pagkilos, at Pakikipag-ugnayan → **Taglamig 2023:** Groundbreaking → **Tagsibol 2024:** Katapusan ng Konstruksyon

## PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROYEKTO

Muling pasisiglahin at pahuhusayin ng proyekto ng Pinahusay na Market Street ang pinaka-abala at prominenteng mga koridor ng San Francisco. Ang maramihang ahensyang proyektong ito, na aabot mula Steuart Street hanggang Octavia Boulevard, ay gagawing mas ligtas at mas madali ang pagbibiyahe sa Market Street, habang lilikha ng masigla at nakakahalinang kapaligiran para sa lahat ng bumibisita, naninirahan, o nagtatrabaho sa Market Street.

Isasagawa ang proyekto sa iba't ibang yugto para mabawasan ang epekto nito sa lokal na komunidad. Ang unang yugto ay nakatutok sa proyekto para sa mga pagpapahusay ng imprastruktura sa bandang Mid-Market sa pagitan ng Fifth at Eight Street. Ang desisyong limitahin ang saklaw ng gawain sa kontratang ito ay dulot ng mga nagbabagong kondisyon habang bumabawi at lumalabas ang San Francisco mula sa pandemya.

Pagkatapos bumuo ng mga alternatibo at kumonsulta sa mga interesadong partido noong tagsibol 2021, nagkasundo ang Public Works at SFMTA sa isang disenyo para sa Yugto 1 na nakatuon sa kritikal na kaligtasan at pagpapabuti ng aksesibilidad.

**Kabuuang Halaga ng Konstruksyon = $38.6 Milyon**

## GUSTO BA NINYONG MANATILING UPDATED?

Para sa madalas na kaalaman sa lahat ng bagay tungkol sa Pinahusay na Market Street, punan ang form sa link sa ibaba. Makakatanggap kayo ng napapanahon at mahahalagang impormasyon tungkol sa pag-usad ng konstruksyon, mga epekto sa pagbibiyahe at daanan, mga nalalapit na pagpupulong ng komunidad, at marami pang iba.

https://bit.ly/bettermarketstreet

**MGA PROYEKTO PARA SA PAGPAPAHUSAY NG MGA KALAPIT NA IMPRASTRUKTURA:**

- **Proyekto sa mga Pagpapahusay ng Kaligtasan ng Kalsada sa Itaas na Bahagi ng Market Street**
- **Proyekto sa Kaligtasan ng Pedestrian sa Sixth Street**
- **Proyekto para sa Mas Ligtas na Taylor Street**

## ANO ANG DAPAT ASAHAN

- Pag-upgrade sa senyas ng trapiko para gawing mas ligtas at mas madali ang pagbibiyahe ng mga taong naglalakad, nagbibisikleta, sumasakay at nagmamaneho
- Paglagay ng bulb-out sa bangketa para gawing mas maikli ang distansya ng mga tawiran sa Hyde Street, Sixth Street, at mga interseksyon sa Market/Mason/Turk sa kahabaan ng Market Street
- Mas malalawak na rampa sa gilid ng kalsada na sumusunod sa ADA para mapahusay ang aksesibilidad
- Pagpapalit ng mga luma at sirang bangketa sa maraming kanto para bawasan ang panganib na matisod
- Pagkukumpuni ng mga bangketa at interseksyon, kasama ang mga tawiran, para mas ligtas at mas madaling makatawid ang mga taong naglalakad at nagbibisikleta
- Mga pagpapahusay ng lansangan, kasama ang mga bagong puno, upuan, at lagayan ng bisikleta
- Mga bagong kanal para mapahusay ang pagdaloy ng tubig sa mga lugar na madaling bahain

## IKAW BA AY MAY-ARI O NAGPAPATAKBO NG NEGOSYO SA KAHABAAN NG MARKET STREET?

Kung gayon, sumali sa aming Business Working Group!

Naghahanap kami ng mga interesadong may-ari ng lokal na negosyo para makipagpulong sa amin at tumanggap ng mga update ng proyekto, at magplano kung paano mabawasan ang mga pagkagambala sa negosyo kaugnay sa konstruksyon sa kahabaan ng Market Street. Dapat makipag-ugnayan sa aming koponan ng proyekto ang mga interesado sa pamamagitan ng pagpapadala ng mensahe sa bettermarketstreet@sfdpw.org